

QuickReg

GUMAWA NG IYONG MGA GRUPO. PALAWAKIN ANG IYONG NAAABOT.

"Layunin kapwa ng temporal at espirituwal na pag-asa-sa-sarili na iangat ang ating mga sarili sa mas mataas na antas upang maiangat natin ang ibang nangangailangan."

-ELDER ROBERT D. HALES

Ang QuickReg and opisyal na tool sa pagpaparehistro ng Simbahan para sa lahat ng grupo ng Kapakanan, Pag-asa-sa-Sarili at EnglishConnect sa lahat ng antas. Tinitiyak ng QuickReg ang pagsunod sa mga patakaran ng Simbahan sa privacy ng data at awtomatikong sini-sync sa mga resource ng lider at kawani (leader and clerk resources o LCR).

Maaaring gumawa at mamahala ang mga lider at guro ng mga grupo at mag-anyaya ng mga kalahok. Maaaring makahanap ang mga kalahok ng mga grupo sa kanilang lugar at mabilis na magrehistro ng sarili gamit ang kanilang sariling wika. Pinalalakas ng QuickReg ang mga lider at guro para mas mahusay na maglingkod sa mga miyembro at kaibigan ng Simbahan sa pamamagitan ng mga programa ng Simbahan.



MGA BENEPISYO PARA SA MGA LIDER AT GURO



GUMAWA AT MAMAHALA NG IYONG GRUPO

Sa loob lamang ng ilang minuto, makakagawa ng grupo ang mga lider at guro. Matatagpuan ang mga grupo sa QuickReg sa online sa: ChurchofJesusChrist.org/self-reliance/register/leader



IBAHAGI ANG NATATANGING LINK NG GRUPO

May natatanging URL na nauugnay sa bawat grupo. Maaaring gamitin ng mga lider, guro, at kalahok ang URL link/RQ code na ito para mag-anyaya ng iba pa sa pamamagitan ng email, text, WhatsApp, o social media.



TINGNAN ANG MGA ULAT SA MGA RESOURCE NG LIDER AT KAWANI (LCR)

Awtomatikong nagsi-sync ang mga ulat sa enrollment at pagtatapos sa mga resource ng lider at kawani. Maaaring magamit ng mga namumunong konseho ang mga ulat na ito para gabayan ang mga pagsisikap sa pangangasiwa at tulungang umunlad ang mga kalahok.



MAG-APRUBA AT MAG-PRINT NG MGA SERTIPIKO

Maaaring mag-generate ng sertipiko ang mga guro at lider para mag-print, mamahagi, at ipagdiwang ang paglago kasama ang mga kalahok.

MGA BENEPISYO PARA SA MGA KALAHOK



MAGHANAP NG GRUPO

Makakahanap ang mga puwedeng maging kalahok ng mga available na grupo sa: ChurchofJesusChrist.org/self-reliance/register.



AVAILABLE SA IBA'T IBANG WIKA

Available sa higit na 40 wika (at dumarami pa), pinadadali ng QuickReg para sa mga kalahok ang magrehistro gamit ang kanilang sariling wika.



IBAHAGI AT MAG-ANYAYA NG MGA KAIBIGAN

Kadalasang ang mga kalahok ang pinakamahuhusay na tagapamandila ng ating mga programa. Hikayatin silang ibahagi ang natatanging link/QR code ng grupo para mag-anyaya ng kaibigan at kapamilya na sumali sa grupo.

I-SET UP ANG IYONG GRUPO SA LOOB NG ILANG MINUTO

- STEP 1** Mag-log in sa QuickReg gamit ang username at password ng iyong Account sa Simbahan – <https://ChurchofJesusChrist.org/self-reliance/register/leader>
- STEP 2** Pumili ng wika at uri ng grupo.
- STEP 3** Pumili ng lokasyon kung saan magpupulong ang grupo.
- STEP 4** Pumili ng Saklaw na edad para sa grupo.
- STEP 5** Idagdag ng mga detalye ng pulong (petsa ng pagsisimula at pagtatapos, mga araw at oras ng pulong).
- STEP 6** Idagdag ang mga tagapagpadaloy.
- STEP 7** Idagdag ang limitasyon ng kapasidad (opsyonal).
- STEP 8** Ibahagi ang URL o QR code sa mga miyembro at kaibigan ng simbahan.

Anyayahan ang iba pa na sumali sa grupo ng Umaasa-sa-Sarili at grupo ng EnglishConnect sa ChurchofJesusChrist.org/self-reliance/register

Nakatala rin ang mga grupo ng EnglishConnect sa englishconnect.org/join



Learn more:
englishconnect.org/quickreg

English
Connect